

# Ang Pinakamahusay na Pamumuhunan Mo!

Ang pagkamit ng isang pinagpala at masaganang pakinabang ay nagsisimula sa paggawa ng tamang pamumuhunan. Kung isa kang bagong Kristiyano, wala nang mas malaki pang pamumuhunan na maaari mong gawin sa iyong pananampalataya kaysa sa regular na pagkain ng Salita ng Diyos. Magsimula dito upang matulungan kang Basahin, Unawain at Ipamuhay ito nang epektibo araw-araw.

Copyright © 2013 David J. Swandt. All Rights Reserved.

Published under license agreement by Twenty20 Faith, Inc. (USA). Not intended for resale. For more information visit:

www.twenty20faith.org

# "Mga Garantisadong Pakinabang!"

Sa mundo ngayon, ang pahayag na ito ay nakakairita, at kung minsan ay nakakaduda. Ngunit may isang pangkalahatang batas na nalalapat sa halos lahat ng aspeto ng buhay: ang batas ng panahon ng pagtatanim at pag-aani, o sa madaling salita, "aanihin mo kung ano ang itinanim mo."

Hindi ka maaaring mag-ani maliban kung nagtanim ka muna ng mga binhi. Hindi ka makakakuha ng tubo maliban kung una ka munang namuhunan. Hindi mo matatanggap ang mga benepisyo ng isang produkto o serbisyo maliban kung bibilhin mo muna ito. Hindi mo maaaring mapanatili ang pisikal na kalusugan nang walang balanseng diyeta at regular na ehersisyo. At sa lahat ng mga halimbawang ito, ang tubo na matatanggap ay proporsyonal sa kalidad o halagang inilagak.

Nalalapat din ang parehong batas sa ating relasyon sa Diyos. Hindi tayo makakaani ng isang may-katuparan at mapagpalang paglakad kasama ng Diyos maliban kung maghasik tayo ng binhi na magbubunga ng ani na iyon. Ang mabuting balita ay inihanda na ng Diyos ang mabuting binhi na magagamit natin - tinatawag itong Salita Niya, ang Bibliya. Ang masaganang paghahasik ng Salita ng Diyos sa ating buhay ay gumagarantiya sa atin ng isang nag-uumapaw na balik sa pamumuhunan na iyon.

# "Pangkalahatang pananaw sa Bibliya"

Ang Bibliya ay puno ng mga prinsipyong mabisa sa lahat ng panahon, malinaw na tagubilin at may-katuturang mga halimbawa ng pamumuhay ng isang balanse, may-katuparan at mapalad na buhay bilang isang Kristiyano. Sa katunayan, ang Salita ng Diyos ay hindi noon, ni hindi kailanman mawawalan ng katuturan, anuman ang pagbabago ng mga oras at panahon, at magagamit upang maghanda at magbigay ng kasangkapan sa atin para maisakatuparan ang layunin ng Diyos para sa ating buhay.

“Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagsaway sa kamalian, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay, upang ang lingkod ng Diyos ay maging ganap at handa sa lahat ng mabubuting gawain.” 2 Timoteo 3:16-17.

Ang Bibliya ay maaari nating isipin bilang isang matalik na nakasulat na pagpapahayag ng Diyos, at lahat ng kinakatawan Niya sa sangkatauhan. Ang nasa ibaba ay ilang mga punto na makakatulong sa pagtukoy sa ibig sabihin nito:

1 - Ang Bibliya ay maliwanag na pagpapahayag ng pag-ibig ng Diyos. Ipinapahayag nito ang tungkol sa Kanyang mga katangian at kalikasan, ang Kanyang pakikipag-ugnayan at mga utos, at higit sa lahat ang Kanyang ganap na pagpapahayag ng pagmamahal para sa bawat tao na nabuhay.

2 - Ang Bibliya ay kinasihan ng Diyos. Kahit na ang 66 na mga libro ng Bibliya ay pisikal na isinulat ng maraming mga may-akda, ang bawat tao ay direktang kinasihan ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang isulat ang kanilang isinulat.

3 - Ang Bibliya ang awtoridad ng Diyos para sa ating buhay. Panghuli, dahil ang Bibliya ay "mga liham" ng Diyos sa sangkatauhan, at ang mga nakasulat na

nilalaman sa loob ay kinasihan ng Diyos, taglay ng Kanyang Salita ang parehong awtoridad ng Diyos Mismo sa ating buhay.

Ang Salita ng Diyos ang isa sa pinakamahalagang pundasyon ng ating espirituwal na paglago at pagiging matatag sa Diyos. Upang ganap na lumago ang mga binhi ng Salita ng Diyos sa ating buhay, kailangan nating itanim ang mga binhi na ito sa pamamagitan ng pagbasa nito, pagpapahusay sa ating pag-unawa tungkol dito, at pagkatapos ay isabuhay ang mga ito.

# "Regular na Basahin ang Bibliya"

Karamihan sa atin ay sasang-ayon na nagbibigay ang Bibliya ng maraming babasahin na materyales - ang ilan sa mga ito ay tila nakakamangha at hindi malinaw. Narito ang ilang mga katotohanan tungkol sa Bibliya na makakatulong sa iyong magsaliksik sa iyong oras ng pagbabasa gamit ang isang gabay na sanggunian at mas mahusay na pag-unawa.

Una, makikita mo na ang Bibliya ay nahahati sa dalawang seksyon:

Ang Lumang Tipan ay isang pinagsama-samang sulatin na nagsisimula sa paglikha ng mundo, ang kasaysayan ng bayan ng Israel - kasama na ang kanilang pagkatalo bilang isang bansa, ang kinahinatnang pagbihag ng kanilang mga kaaway, at sa huli ay ang kanilang pagbabalik upang muling sakupin ang Jerusalem ilang daang taon bago ang kapanganakan ni Cristo.

Ang Lumang Tipan ay batas din ng Diyos para sa bayan ng Israel.

Ang Bagong Tipan ay isang pinagsama-samang sulatin na nagsisimula bago pa man isilang si Jesus, nagpapatuloy sa Kanyang buhay at ministeryo, sa Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay bilang ating Tagapagligtas, at sa huli ang pagtatatag at paglawak ng Kanyang Iglesya sa buong mundo. Ang mensahe ng kalayaan kay Cristo sa pamamagitan ng biyaya tulad ng ipinahayag sa Bagong Tipan ay tinutupad at pinapalitan ang pangangailangan ng mga ritwal na ipinataw sa Lumang Tipan.

Pangalawa, at sa pangkalahatang pananalita, may tatlong uri ng mga sulatin na makikita mo sa buong Luma at Bagong Tipan sa Bibliya:

Makasaysayang Kuwento - mga sulatin na nagsasabi ng isang totoong kuwento at nagbibigay ng isang mahalagang pananaw sa kasaysayan ng mga tao at mahahalagang kaganapan.

Mga Sulating Panuto - mga libro at talata na nagbibigay ng pagtuturo sa maraming aspeto ng pamumuhay bilang Kristiyano, organisasyon ng iglesya at mga usaping personal at pampamilya nang hindi partikular na nagbibigay ng ilang makasaysayang kwento ng mga kaganapan.

Mga Nakakapagbigay Inspirasyon na Sulatin - patula at artistikong sulatin na idinisenyo upang manghikayat, pumukaw at magpahayag ng damdamin mula sa may-akda hanggang sa mambabasa.

Ang mga sulatin ng Bagong Tipan na nagbibigay ng isang Makasaysayang Kwento sa buhay at ministeryo ni Jesus ay ang Mateo, Marcos, Lucas at Juan. Ang apat na aklat na ito ay tinutukoy din bilang mga Ebanghelyo. Ang aklat ng Mga Gawa ay isang makasaysayang aklat sa Bagong Tipan na nagsasalaysay sa pagtatatag at pagpapalawak ng Kristiyanong iglesya pagkatapos ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus.

Ang mga aklat ng Bagong Tipan na kumakatawan sa Mga Sulating Panuto ay

ang Roma hanggang Judas. Ang mga ito ay aktwal na liham mula sa mga pinuno ng iglesya na nagbibigay ng payo at pagtuturo sa ibang mga Kristiyano at iglesya sa buong mundo.

Ang aklat ng Mga Awit sa Lumang Tipan ay isang mahusay na halimbawa ng Mga Nakapagbibigay Inspirasyon na Sulatin. Ang nasa ibaba ay isang inspirasyon mula sa isang Awit na gumagarantiya sa atin ng mga biyayang ibinibigay ng Diyos sa taong regular na namumuhunan sa Salita ng Diyos sa kanilang buhay.

“Sa halip, kasiyahan niyang sumunod sa kautusan ni Yahweh. Binubulay-bulay niya ito sa araw at gabi. Katulad niya'y punongkahoy sa tabi ng isang batisan, laging sariwa ang dahon at namumunga sa takdang panahon. Ano man ang kanyang gawin, siya'y nagtatagumpay.” Awit 1:2-3

Upang maitanim ang binhi ng Salita ng Diyos sa ating buhay, kailangan nating gawing bahagi ng ating pang-araw-araw na rutina ang pagbabasa sa Bibliya. Habang namumukadkad ang mga binhi ng Salita ng Diyos sa iyong buhay, ang Kanyang

mga pagpapala ay magiging mas lantad. Makakatanggap ka ng lakas mula sa Kanyang Salita upang suportahan ka, kahit sa mga panahon ng tagtuyot at kahirapan.

# "Palawakin ang Iyong Kaalaman"

Ang pagbuo ng pag-unawa sa Salita ng Diyos ay isang panghabang-buhay na pagsisikap. Hindi ito basta mangyayari sa magdamag. Ngunit may ilang mga pamamaraan na maaaring makatulong para sa mas komprehensibong pag-unawa. Narito ang ilang mga ideya:

1 - Kumuha ng ilang mga kasangkapan. Maraming mga uri ng mga pantulong sa pag-aaral ang magagamit na makakatulong sa iyo para maunawaan ang iyong binabasa. Halimbawa, may mga Study Bible, concordance, at mga partikular sa paksa na gabay sa pag-aaral sa online man at hardcopy.

2 - Makilahok sa isang pangkat ng pag-aaral sa Bibliya o maliit na grupo upang makatalakayan ang ibang mga Kristiyano at maobserbahan kung paano nila isinasabuhay ang Salita ng Diyos.

3 - Magkaroon ng plano. Para sa mga tunay na mapag-adhika sa kanilang personal na oras ng pagbabasa, maraming mga plano na magagamit sa The Bible App ng YouVersion upang tutulong na gagabay sa iyo sa buong Bibliya.  Marami sa mga ito ang makakatulong sa iyo para matapos mo ang buong Bibliya sa isang taon - at isa na itong masasabing magandang tagumpay!

Habang mas gumugugol ka ng oras sa Kanyang Salita, mas mabuti ang iyong pag-unawa dito. Habang ginagawa mo ito, makikita mo rin na tutulungan ka ng Diyos na maunawaan kung ano ang mismong kailangan mong malaman para sa panahon ng buhay na kinaroroonan mo.

# "Isabuhay ang mga Alituntunin ng Diyos Araw-araw"

“Salita mo'y isang tanglaw na sa akin ay patnubay, sa landas kong daraanan, liwanag na tumatanglaw.” Awit 119:105

Para sa mga Kristiyano, ang Salita ng Diyos ay nagbibigay ng maliwanag na kapangyarihan sa isang madilim na mundo kung minsan. Ang Salita ng Diyos ay pagmumulan lamang ng liwanag kung bukas tayo sa mga katotohanan nito at pahihintulutan natin itong tumagos nang malalim sa ating buhay. Inilarawan ito ni Jesus sa isang talinghagang matatagpuan sa Mateo:

“May isang magsasakang lumabas upang maghasik. Sa kanyang paghahasik ay may mga binhing nalaglag sa tabi ng daan. Dumating ang mga ibon at tinuka ang mga iyon. May mga binhi namang nalaglag sa mabatong lupa. Dahil manipis lang ang

lupa roon, sumibol agad ang mga binhi, ngunit natuyo agad ang mga ito nang mabilad sa matinding init ng araw, palibhasa'y mababaw ang ugat. May mga binhi namang nalaglag sa may matitinik na halaman. Lumago ang mga halamang matitinik at sinakal ng mga ito ang mga binhing tumubo doon. Ngunit ang mga binhing nahasik sa matabang lupa ay namunga; may tig-iisandaan, may tig-aanimnapu, at may tigtatatlumpu.” Mateo 13:3-8

Ang binhi sa kwento ay kumakatawan sa Bibliya, at ang iba't ibang mga kondisyon ng lupa ay kumakatawan sa ating kagustuhan at kahandaang tanggapin ang Salita ng Diyos. Tandaan na hindi lahat ng binhing inihasik ng magsasaka ay nagbigay ng resulta na hinahanap niya; kundi ang binhi lamang na naihasik sa mabuting lupa. Basahin ang Mateo 13:18-23 para sa paliwanag ni Jesus tungkol sa kwento. Ang paglilinang ng "mabuting lupa" sa ating buhay ay nangangahulugang pinapayagan natin ang Salita ng Diyos na tumagos sa ating mga isip at impluwensyahan ang mga motibo at saloobin ng ating puso.

“Ang salita ng Diyos ay buháy at mabisa, mas matalas kaysa alinmang tabak na sa magkabila'y may talim. Ito'y tumatagos maging sa kaibuturan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at buto, at nakakaalam ng mga iniisip at binabalak ng puso.” Hebreo 4:12